# Gabay ng Guro: Una at Ikalawang Baytang ng Mababang Paaralan

**Ni Lazaro M. Mercado**

SANG-AYON sa kautusan ng Kagawaran Blg. 1, taong 1957, at sa hangaring maisagawa ang itinatadhana ng batas sa Akta Republika Blg. 1124, ay pinagsikapang isagawa ang isang palatuntunan na hahantong sa isang matiwasay, makabansa at makademokrasyang pamamaraan ng pagtuturo sa Pilipinas.

Ang Pangkat 10 ng nasabing Palatuntunan ay nagtatadhana ng pagpapagamit ng sariling wika na maging sangkap ng pagtuturo sa mga una at ikalawang baytang ng lahat ng paaralan at itinagubilin sa mga nangangasiwa ng mga paaralan ang pagsasagawa nito sa lalong mainam na Pamamaraan.

Ang mga Lawak-Aralin ay binigyan ng kani-kanyang takdang panahon o haba ng sandali na dapat iukol sa bawa't isa katulad ng mga Araling Panlipunan, Sining ng Wika, Kalusugan at Agham, Palatuusan, Sining at Pangangalaga ng Katawan at Pagpapanuto sa Gawain.

Sa mga Lawak-Araling ito ay ang Sining ng Wika ang pinaguukulan ng mahabang panahon sapagka't ito ang pinakamahalagang paksang-aralin at tangi pa sa rito ay ang paksang-araling ito ang siyang saligan ng pagtuturo ng iba pang mga paksang-aralin. Ito ang sanhi kung kaya ang paksang ito ang kinakailangang bigyangdiin ng lahat ng guro.

Ano ang Sining ng Wika? Ito ay isang paksang-araling kinapapalooban ng mga aralin tungkol sa paghahatid ng mga kaisipan sa pamamagitan ng pagsasalita o pagsulat. Ang mga paksang nalulukuban nito ay ang mga sumusunod: Wika, Pagbaybay, Pagbasa, Pagbigkas at kasanayan sa pagsulat ng Wikang Pilipino.

Ang maka-bagong paraan ng pagtuturo nito, ay ang pagsasamasama ng mga paksang-aralin sa Sining ng Wika at ang kaugnayan ng mga ito ay nababatay sa mga suliranin, mga balak at mga kawilihan ng mga bata, at ang mga nasabing aralin ay mga sangkap lamang sa ikalulutas ng mga suliranin.

Sa paggawa ng mahabang banghay ng pagtuturo sa Sining ng Wika tungkol sa isang pangkat para sa una at ikalawang baytang ay nararapat isa-alang-alang unang-una ang mga kawilihan ng mga bata na siyang dapat pagbatayan ng mga gawain sa paglutas ng mga suliranin. Ang mga pangkat na batayan ay kinukuha sa mga Araling Panlipunan sapagka't ito ang nagdudulot ng mga karanasan at gawain na hango sa tunay na buhay.

Ang kabuuan ng panahon sa pang-araw-araw na pagtuturo ng Sining ng Wika sa una at ikalawang baytang ay 110 sandali. Ang 80 sandali ay itinatakda sa pagtuturo ng mga paksang-aralin at ang ginagamit ng guro ay sariling wika. Ang 30 sandali ay iniuukol ng guro sa pagtuturo ng Ingles sa pamaraang pakikipagsalitaan lamang ng mga bagay-bagay na madaling maunawaan ng mga bata. Sa ikalawang baytang ay nararapat na ring ituro sa Ingles ang mga talakay tungkol sa palatuusan at dapat na ring ituro ang pagpapabasa upang kung dumating sila sa ikatlong baytang ay nang hindi maging biglaan ang paglilipat buhat sa paggamit ng sariling wika na tungo sa paggamit ng wikang Ingles. Kung ang pagtuturo ng pagbasa sa Ingles ay sa ikatlong baytang pa isasagawa ay sapilitang mahuhuli na sa panahon at ang mga araling dapat makuha sa baytang na ito ay hindi na magagampanan nang lubusan.

Ang panlahat na layunin ng guro sa pagtuturo ng bawa't pangkat ay napapalaman sa isang kapasyahan tungkol sa pagsasagawa ng mga pangunahing layunin sa pagtuturo na itinatadhana sa bahaging-5, Pangkat XIV ng ating Saligang Batas na nagtatadhana ng sumusunod:

Sapagka't ang Saligang Batas ng Pilipinas, sa bahaging-5, Pangkat XIV ay nagtatadhana na "ang lahat ng paaralan ay may layuning linangin ang kagandahang-asal, pag-unawa sa sarili, pagkamakabayang-diwa at kasanayan sa paggawa at magturo ng mga tungkuling kapamayanan", at

Sapagka't, lubhang kailangan na itong mga pangunahing layon ng pagtuturo ay lubusang makilala upang ang pagsasagawa nito ay maging matagumpay sa lahat ng paaralan at iba pang mga sangay ng pagtuturo ng bansa: Ngayon, at dahil dito, ay

Pasiyahan ng Mataas na Kapulungan at nang Mababang Kapulungan ng Pilipinas na nagpapahintulot, na sa pagsasagawa ng nasabing pangunahing layunin ng pagtuturo na itinatadhana ng Saligang Batas, ay magiging tungkulin ng paaralan at mga sangay nito sa Pilipinas —




**Ang Ituro Sa Mga Mamamayang Pilipino:**

1. Ang mamuhay nang marangal na pamumuhay na akay ng pananalig sa Diyos at pag-ibig sa kapuwa tao.

2. Umibig at maglingkod sa Republika ng Pilipinas at buong pusong tumupad ng mga tungkuling-bayan, buong-diwang isagawa ang pansarili at panlipunang karapatan, at buong katapatang tupdin ang mga kadakilaan ng diwa ng pagkakapantay-pantay na siyang dapat mamalagi kailan man;

3. Upang makabasa at makinig nang may-pagkaunawa, magsalita at sumulat nang may kahulugan, mag-isip at kumilos ng katumpakan sa paglutas ng mga suliranin sa pang-araw-araw na buhay;

4. Upang magkaroon ng kakayahan sa pagtataglay ng malinis na pamumuhay at makatulong sa pamamagitan ng masaganang paggawa at sa makadiwang paggamit at pagpapasalaya ng mga kayamanan ng bansa sa ika-uunlad ng kapamuhayan ng Pilipinas;

5. Upang maisabalikat ang malinis na pamumuhay sa kabighabighaning paligid upang maging matipuno ang katawan at angkop na kaisipan sa pagtugon sa mga pangangailangan ng makabuluhang buhay;

6. Upang mapamalagi ang kaisahan ng mag-anak, mamuhay sa maligayang tahanan, at isagawa ng buong kabutihan ang tungkulin sa tahanan;

7. Upang gamitin nang may kabuluhan ang panahon ng paglilibang sa ika-uunlad ng sarili at ikapaglilingkod sa purok;

8. Upang pahalagahan ang mga sining at sulat upang maabot ang sariling-katuparan sa pamamagitan ng pagpapayaman nito sa pagbibigay ng kanilang bahagi; ilapat ang agham at idagdag sa pandaigdig na natipong karunungan, upang ang buhay ay maging mayaman at masagana;

9. Upang isagawa ang kapamuhayang Pilipino, papamalagiin ang napakahalagang pamana sa ating sandigang kaalaman, lalung-lalo na sa kagandahang-asal kung ginagamit sa kaunlaran ang mahahalagang karanasan ng lahi; at

10. Upang maunawaan ang ibang bansa, linangin ang mabuting pakikipagkapuwa sa mga tao rito, palawigin ang sanhi ng pandaigdig na kapayapaan at katiyakan ng ulirang pagkakapatiran ng buong daigdig.